

Halika. At ang nauuhaw, ay pumarito: ang may ibig ay kumuhang walang bayad ng tubig ng buhay." Kaya't tanggapin mo na Siya ngayon din bilang iyong Tagapagligtas.

Kung hiniling mo sa Kanya na pumasok sa iyong puso, ang susunod na hakbang na kailangan mong gawin ay humanap ng isang iglesyang naniniwala sa Biblia at magsimula kang maglingkod sa Panginoon. At nawa'y magkita tayo balang araw doon sa langit. Roma 10:13 "Sapagka't, Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas."

— J. Cruz



P.O. BOX 609 • YORK, SC 29745 • 803-684-1535
WWW.HOPETRACTS.ORG
The Greatest Love Of All (Tagalog) Tract 517



Ang pag-ibig ay isang bagay na nais makamit ng lahat ng tao. Maraming iba't ibang klase ng pag-ibig. Minamahal mo ang iyong mga anak at kahit ano'y gagawin mo para sa kanila. At iniibig mo din naman ang iyong asawa nang buong puso. Pero ang pag-ibig na pinakadakila sa lahat ay ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Hinayaan Niyang mamatay ang Kanyang Anak alang-alang sa iyo. Iniibig ka Niya at pinagmamalasakitan nang lubusan. *"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."* Juan 3:16

Alam ko na minamahal ako ng aking mga magulang nang buong puso at kahit ano'y gagawin nila alang-alang sa akin, pero ang kanilang pag-ibig ay wala man lamang sa kalingkingan ng pag-ibig ng Diyos. Kapag ako'y nagkakamali, palagi Niya akong pinatatawad. Ikaw man ay patatawarin din Niya! Ang kailangan mo lamang gawin ay hilingin sa Panginoong Jesu-Cristo na iligtas ka. Sinasabi ng Biblia sa Roma 10:9, *"Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka."*

Itanong mo sa iyong sarili, kung mamamatay ako sa sandaling ito, sa langit ba ako mapupunta, o sa impiyerno? Tayong lahat ay iniibig ng Diyos, pero kung gusto mong mapunta sa langit, kailangan mong hilingin sa Kanya na iligtas ka. Sinasabi ng Biblia sa I Juan 4:8, *"Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Dios; sapagka't ang Dios ay pagibig."* Minsan pa, sinasabi ng Diyos na iniibig ka Niya nang lubusan.

Ayon sa Webster dictionary, ang kahulugan ng pag-ibig ay "Matinding damdamin para sa iba na bunga ng isang personal na kaugnayan; isang malakas na damdamin ng pagkaakit." Ang pakahulugan naman ng Diyos sa pag-ibig ay matatagpuan sa I Corinto 13:4, *"Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo,"* Sinasabi din ng Diyos sa unang utos – Mateo 22:37 *"At sinabi sa kaniya, libigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo."*

Si Jesus ay namatay para sa iyo at nabuhay na muli sa ikatlong araw, *"Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, at siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan"* I Corinto 15:3-4, at ngayon Siya'y nakaluklok sa kanan ng Diyos at naghihintay na hilingin mong iligtas ka Niya. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay alang-alang sa iyo at iniibig ka Niya nang lubusan.

Sinasabi ng Biblia sa Lucas 19:10, *"Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala."* Kung hindi mo pa pinapapasok ang Panginoong Jesus sa iyong puso, ikaw nga ang taong naliligaw ng landas na sinadya Niyang puntahan dito upang iligtas. Nais mo bang tanggapin ngayon si Jesus bilang iyong Tagapagligtas? Maaaring hindi na dumating sa iyo ang iba pang pagkakataon.

Ibinibigay ng Biblia ang kanyang huling paanyaya sa Pahayag 22:17, *"At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika. At ang nakikinig ay magsabi,*